Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7/6
9-28-11

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG SETYEMBRE 19, 2011, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad<br>nagpaalam – masama ang pakiramdam |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 228-T2011**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAGKILALA AT PASASALAMAT SA MGA TAUHAN NG TANGGAPAN NG PAMATAY-SUNOG AT SANTA CRUZ TRAFFIC MANAGEMENT OFFICE (SCTMO) SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA TUMULONG SA PAG-APULA SA SUNOG NA NAGANAP NOONG SETYEMBRE 12, 2011 SA PHILIPPINE WOMENS UNIVERSITY SA BAYANG ITO.**

**SAPAGKA'T**, sa naganap na sunog noong Setyembre 12, 2011 sa Gusali ng Philippine Womens University ay agad itong naagapan at naapula ng mga Tauhan ng Pamatay-Sunog at Santa Cruz Traffic Management Office;

**SAPAGKA'T**, taglay ang lakas at bilis ng magkabila na tumaguyod sa pangangalaga at kapakanan ng nangangailangan;

**SAPAGKA'T,** karapat-dapat na sila'y kilanlin at pasalamatan at gawing halimbawa ng isang lakas ng puwersa na tanging kaligtasan ng pamayanan ang mangingibabaw.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw, na pinangalawahan at sinang- ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Magpaabot ng pagkilala at pasasalamat sa mga Tauhan ng Pamatay-Sunog at Santa Cruz Traffic Management Office (SCTMO) sa bayan ng Santa Cruz, Laguna na tumulong sa pag-apula ng sunog na naganap noong Setyembre 12, 2011, sa Philippine Womens University (PWU) sa bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Tanggapan ng Pamatay Sunog at Santa Cruz Traffic Management Office, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 19, 2011.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan